

Pag-iwas sa mga Insidente ng Pagkabulon

Ang fact sheet na ito ay nagpipresenta sa mga kahulugan ng pagkabulon at aspiration at kinabibilangan ng simpleng mga hakbang na pwedeng gamitin ng bawat isa para maiwasan ang mga insidente ng pagkabulon para sa mga taong pinaglilingkuran sa pamamagitan ng inyong organisasyon.


Maaaring Maiwasan ang Pagkabulon!

Nagaganap ang **pagkabulon** kapag may isang bagay na humaharang sa daanan ng hangin ng isang tao. Ito ay maaaring dulot ng pagkain, mga likido, isang bead, isang laruan, o iba pang maliliit na mga bagay.

Nagaganap ang aspiration kapag nalanghap ang maliliit na bagay papasok sa mga baga. Maaaring magaganap ito sa pagkabulon.

Maaaring tahimik ang aspiration—maaaring hindi ito magmukhang nabubulunan ang tao.

Maaaring hahantong sa pulmonya ang mula sa bacteria o mga substansiya na nilanghap ng tao papasok sa kanilang mga baga.



Ang pagkabulon, pagdiin sa tiyan, at pagbayo sa likod ng isang tao para tanggalan ng laman ang kanilang daanan ng hangin ay maaaring hahantong sa **mga sugat at pinsala** sa daanan ng hangin ng taong iyon.

Ilang mga Hakbang

1. Siguruhin na alam ng direct service professionals (DSPs) at iba pang staff ang palatandaan ng pagkabulon.
2. Siguruhin na alam ng mga DSP at staff kung paano gamitin ang paraan ng pagdiin sa tiyan (Heimlich Maneuver).
3. Siguruhin na nauunawaan ng mga DSP ang posibilidad ng aspiration pneumonia o pinsala sa loob.
4. Bigyan ang iyong mga DSP ng aktibidad sa Personal Placemat at fact sheet ng Pangangalaga Matapos Mabulunan.
5. Ipasabi sa mga DSP kung paano sila nagpapalano para maiwasan ang pagkabulon—hal. gamit ang mga Profile sa Pagkain, pagiging may-alam sa mga talaan ng mga pagkain at inumin na sanhi ng pagkabulon, at sa pamamagitan ng paggamit ng mga gabay para sa paghahanda ng mga pagkain.
6. Matapos silang magkaroon ng plano, ipasabi sa mga DSP kung paano ito magkakabisa sa iba't ibang mga sitwasyon.

